Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-30 NG HULYO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 135-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA ISINASAILALIM ANG LUNGSOD NG MALOLOS SA STATE OF CALAMITY, BUNSOD NG HAGUPIT NG BAGYONG "FABIAN" AT NG PAGLAKAS NG HANGING HABAGAT NA NAGDULOT NG PAGBAHA SA LUNGSOD.**

**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** lumiham ng may kagyat na pangangailangan ang Punong Lungsod sa mabunying Sangguniang Panlungsod na humihiling na makapagdeklara at isailalim ang Lungsod ng Malolos sa State of Calamity upang mas matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayang apektado ng pananalasa ng Bagyong "Fabian" at ang paglakas ng hanging habagat na nagbuhos ng malalakas na ulan na naging sanhi ng pagbaha;

**SAPAGKAT,** sa gitna ng pananalasa ng pagbuhos ng ulan at pagbaha ay kagyat na nagpatawag ng pagpupulong ang Punong Lungsod upang matugunan ang nasabing suliranin batay na din sa naging rekomendasyon ng CDRRMC;

**SAPAGKAT,** dulot ng matindi at walang tigil na pag-ulan dulot ng hanging habagat at bagyong "Fabian", malaking bahagi ng Lungsod ang nalubog sa matinding baha na umabot sa isa hanggang tatlong talampakan;

**SAPAGKAT,** batay sa isinumiteng Resolution No. 02-2021 ng City Disaster Risk Redution and Management Council (CDRRMC) ay hinihiling na maideklarang State of Calamity ang Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang nasabing pangyayari ay nagbunga ng malaking epekto sa kalusugan, kabuhayan at ari-arian ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT,** ang aktwal na tala ng bilang ng pamilya na direktang naapektuhan ng Bagyong Fabian at matinding habagat ay umaabot sa 40,788;

**SAPAGKAT,** 631.83 hektarya ng palayan ang napinsala na nagkakahalaga ng P12,226,595.28;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** may 49 na fishpond operators ang lubhang naapektuhan na umaabot sa P113,066,114.00 milyon ang naging pinsala;

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyang kalalagayan, ang Lungsod ng Malolos ay isa sa mga Lungsod na lubhang naapektuhan at patuloy na nakakaranas ng nasabing kalamidad, kaya

Sa pamamagitan ng nagkakaisang mungkahi ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na isinasailalim ang Lungsod ng Malolos sa State of Calamity bunsod ng hagupit ng bagyong "Fabian" at ng paglakas ng hanging habagat na nagdulot ng pagbaha sa lungsod.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08022021